



Bay REPAIR (Muling Pamumuhunan ng Mga Multa para sa Pagpapabuti ng Hangin at Katatagan)

Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad

Round 1 - Panawagan para sa mga Proyekto:
Benicia at mga Karatig na Komunidad

Distrito ng Hangin ng Bay Area

Enero 14, 2026



BACKGROUND

Background

Itinakda ng Distrito ng Hangin ng Bay Area ang Patakarang sa Pondo mula sa Multa para sa mga Benepisyo ng Komunidad para direktang suportahan ang mga komunidad na matinding naapektuhan ng polusyon sa hangin. Kapag natasa na ang mga multa para sa mga entity na lumalabag sa mga regulasyon sa kalidad ng hangin, nagbibigay-daan ang patakarang ito na maipuhunan ulit ang pondo mula sa multa nang direkta sa mga komunidad sa pamamagitan ng mga proyektong malaki ang magiging epekto.

Ang pondo mula sa multa at iba pang pondo mula sa mga aksiyon sa pagpapatupad ay pinapangasiwaan sa pamamagitan ng programang Bay REPAIR (Reinvesting Penalties for Air Improvement and Resilience), at inilalaan sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad o sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Komunidad ng Rehiyon.

Ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay muling ipinupuhunan sa partikular na komunidad na apektado ng mga paglabag sa kalidad ng hangin na nagresulta sa multa. Maaari ring mamuhunan ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ng pondong para sa pagpapagaan na mas limitado ang saklaw.

Ang Mga Layunin ng Programa ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad ay:

- Mabawasan ang polusyon sa hangin o mapagaan ang mga epekto nito, mapabuti ang pampublikong kalusugan, at mapatatag ang ekonomiya para sa isang makatarungang paglipat mula sa mapaminsalang epekto ng ekonomiyang nakadepende sa fossil fuel.
- Maisulong ang pinagsama-samang mga proyekto para holistikong matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad.
- Mapaigting ang mga solusyong pinangungunahan ng komunidad at sama-samang isinasagawa.

Ang Panawagan para sa mga Proyekto na ito ay humihiling ng mga panukalang proyekto mula sa mga kwalipikadong applicant sa Benicia at mga karatig na komunidad. Sumangguni sa Mga Alituntunin sa Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa gawad.

Pinagkukunan ng Pondo

Pinagmulta ng Distrito ng Hangin, kasama ng California Air Resources Board, ang Valero Refining Company dahil sa mga paglabag sa kalidad ng hangin noong Oktubre 2024.



Ang Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad para sa Benicia at mga karatig na komunidad ay may \$60,011,061 na available na pondo. Maaaring baguhin ang tantya ng pagpopondo na ito para maisaalang-alang ang anumang naipon na interes.

PAGIGING KWALIPIKADO




Figure 1: Mga komunidad na kwalipikado para sa pondo mula sa Pondo para sa Benepisyo ng Lokal na Komunidad

Mga Kwalipikadong Komunidad

Ang mga proyekto ay dapat na matatagpuan sa loob ng mga hangganan ng mga kwalipikadong komunidad.

Ang mga proyektong matatagpuan sa Benicia at mga karatig na komunidad, gaya ng ipinapakita sa Figure 1, ay kwalipikado para sa pagpopondo.

- Ang mga proyektong matatagpuan sa Benicia ay kwalipikado para sa Seed Grant, Opportunity Grant, at Catalyst Grant.
- Ang mga proyektong matatagpuan sa mga karatig na komunidad na naka-highlight ng asul sa Figure 1 ay kwalipikado para sa Seed Grant at Opportunity Grant:
 - o Vallejo
 - o Rodeo



- o Crockett
- o Port Costa
- o Martinez (mga lugar sa hilaga ng Highway 4)
- o Mountain View
- o Vine Hill
- o Pacheco
- o Concord (mga lugar sa hilaga ng Highway 4, at timog ng Highway 4 sa pagitan ng I-680 at Highway 242)
- o Clyde
- o Bay Point
- o Pittsburg

Pakibisita ang website ng [Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad](#) para sa online na mapa ng mga kwalipikadong komunidad.

Paano Natukoy ang Pagiging Kwalipikado ng Komunidad

Kinilala ng Air District ang Lungsod ng Benicia, kung saan matatagpuan ang planta ng Valero, bilang isang kwalipikadong komunidad.

Para matukoy ang mga karagdagan na kwalipikadong komunidad, ang Distrito ng Hangin ay nagsagawa ng isang pagsusuri at bumuo ng isang mapa ng pagiging kwalipikado na batay sa mga pagtatantya ng pangmatagalang pagkakalantad sa polusyon sa hangin at kahinaan ng komunidad:

- Mula sa pagsusuri, gumawa ng modelo ng mga kontribusyon ng Particulate Matter 2.5 (PM_{2.5}) mula sa planta ng Valero sa taunang average at isinaalang-alang ang mga resulta ayon sa populasyon para lumikha ng isang proxy para sa pangkalahatang pagkakalantad na may kaugnayan sa planta. Inihambing ng Distrito ng Hangin ang mga antas ng pagkakalantad na ito batay sa laki ng populasyon sa mga karatig na lugar sa mga nasa Benicia.
- Pinag-aralan din sa pagsusuri ang kahinaan ng komunidad gamit ang CalEnviroScreen, isang tool para sa buong estado na pinagsasama ang problema sa polusyon at mga salik ng populasyon tulad ng pagkakalantad sa maraming pollutant, mga rate ng hika, at sosyoekonomiko na data.
- Panghuli, isinaalang-alang ng pagsusuri ang mga karaniwang hangganan batay sa heograpiko at hurisdiksyon, mga katangian ng lupain, at mga koridor ng transportasyon para gawing simple ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado at mapadali ang pagpapatupad (halimbawa, mga lugar sa hilaga ng Highway 4).



Kinikilala ng Distrito ng Hangin na ang anumang pagtatalaga ng pagiging kwalipikado na nakabatay sa mapa ay sumasalamain sa mga limitasyon ng pinagbabatayang data at metodolohiya. Ang pagmomodelo ng kalidad ng hangin ay batay sa pinakamahusay na available na impormasyon, ngunit hindi nito makukuha ang bawat pinagmumulan ng pagkakalantad, bawat uri ng kahinaan ng komunidad, o mga panandaliang event na nagdudulot ng polusyon. Pakitingnan ang Appendix A para sa karagdagang detalye sa metodolohiyang ginamit para matukoy ang mga kwalipikadong komunidad.

Mga Pagkakaloob ng Gawad

Sinusuportahan ng Pondo para sa mga Benepisyong Lokal na Komunidad ang mga pinagsama-samang proyekto na nakakabawas ng polusyon sa hangin o nagpapagaan ng mga epekto nito, nagpapabuti ng pampublikong kalusugan, at nagpapatatag ng ekonomiya para sa isang makatarungang transisyon palayo sa mapaminsalang epekto ng isang ekonomiyang nakabatay sa fossil fuel. Kung may available na sapat na pondo, nakatuon ang Pondo para sa mga Benepisyong Lokal na Komunidad sa pagpopondo ng pinagsama-samang, mas malalaking gawad na may maraming proyekto na nagreresulta sa mas agarang mga benepisyong sa komunidad.

Ang Pondo para sa mga Benepisyong Lokal na Komunidad para sa Benicia at mga karatig na komunidad ay may \$60,011,061 na available na pondo. Ang pondo ay ipapamahagi sa pamamagitan ng tatlong uri ng gawad.

	Seed	Opportunity	Catalyst
Availability ng Pondo	\$60,011,061		
Laki ng Gawad	\$100,000 - \$200,000 (1 - 5 pagkakaloob ng gawad ang inaasahan)	\$500,000 - \$5 milyon (1 - 5 pagkakaloob ng gawad ang inaasahan)	\$10 - \$40 milyon (1 - 3 pagkakaloob ng gawad ang inaasahan)
Termino ng Gawad	Hanggang 2 taon	Hanggang 3 taon	Hanggang 5 taon
Mga Kwalipikadong Applicant	Bukas sa 501(c)(3) mga non-profit na organisasyon, hindi nangangailangan ng Co-Applicant	Ang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong kahit 1 Co-Applicant lang	Ang Lead Applicant ay dapat na may kasosyong maraming Co-Applicant
Mga Kwalipikadong Komunidad	Benicia at mga karatig na komunidad	Benicia at mga karatig na komunidad	Benicia



PAGSASARA NG PLANTA NG VALERO

Inianunsyo ng Valero Refining Company na isasara nito ang planta nito sa Benicia sa 2026. Bagama't magdudulot ng mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin ang pagsasara ng planta, ang biglaang pagsasara ng planta ay lilikha rin ng agarang negatibong epekto sa ekonomiya, kabilang ang pagkawala ng trabaho para sa mga manggagawa sa planta at pagkawala ng kita mula sa direkta at hindi direktang buwis para sa mga entity ng lokal na gobyerno.

Para mapadali ang kakayahan ng komunidad ng Benicia na maghanap ng pondo na tumutugon sa mga natatanging kasalukuyang sitwasyon ng biglaang paglipat palayo sa paggamit ng mga fossil fuel, ang mga sumusunod na eksepsiyon ay pinapahintulutan para sa Catalyst Grant sa Benicia:

- Istruktura ng Partnership (Seksyon 4.1 ng Mga Alituntunin): Ang mga kinakailangang nakasaad sa Seksyon 4.1 ng Mga Alituntunin sa Gawad ay isasantabi. Bagama't hindi magiging kinakailangang elemento para sa Catalyst Grant sa Benicia ang mga Co-Applicant, isasaprioridad ang mga aplikasyon na nagpapakita ng magkakaibang suporta ng komunidad.
- Pagsusuri ng Aplikasyon at Timeline ng Pagkakaloob: Kung mayroong maliit na bilang ng mga aplikasyon para sa Catalyst Grant sa Benicia, maaaring pabilisin ng Distrito ng Hangin ang pagsusuri ng mga aplikasyon sa kategoryang ito ng gawad.



APPENDIX A: METODOLOHIYA NG MGA KWALIPIKADONG KOMUNIDAD

Para matukoy ang isang inisyal na listahan ng mga kwalipikadong komunidad, naglapat ang Distrito ng Hangin ng isang paraan batay sa lugar na ipinapares ang minodelong $PM_{2.5}$ na maiuugnay sa planta sa CalEnviroScreen 4.0:

- Pagkakalantad. Para mailarawan ang relatibong pagkakalantad sa polusyon sa hangin mula sa planta ng Valero, minodelo ng Distrito ng Hangin ang taunang average na $PM_{2.5}$ na maiuugnay sa karaniwang operasyon ng planta; ang mga average ayon sa populasyon para sa iba pang lugar ay inihambing sa karaniwang antas para sa Benicia.
- Kahinaan ng Komunidad. Para mailarawan ang kahinaan, ginamit ng Distrito ng Hangin ang mga marka mula sa [CalEnviroScreen 4.0](#). Nagpa-publish ang CalEnviroScreen ng mga marka para sa mga tract ng Senso, na pinagsama gamit ang pag-average na ayon sa populasyon para makabuo ng mga marka para sa mga lungsod, bayan, at hindi kasamang lugar, kabilang ang mga may label sa Figure 1.

Bakit ang Pagkakalantad sa $PM_{2.5}$? Naglalabas ng emisyon na $PM_{2.5}$ ang iba't ibang uri ng pinagkukunan ng planta na may iba't ibang katangian na paglalabas at nagsisilbi itong kapaki-pakinabang na proxy para sa epekto ng pagkakalantad mula sa pasilidad. Isinasaalang-alang ng pagmomodelo ng kalidad ng hangin ang meteorolohiya at topograpiya, pati na rin ang distansya sa pagitan ng mga pinagmumulan at mga lugar. Sa pagsusuring ito, ginamit ang available na modelo ng mga epekto ng $PM_{2.5}$ mula sa mga planta ng Bay Area, at ang mga resulta ng modelo ay kumakatawan sa taunang average na mga epekto ng $PM_{2.5}$ mula sa mga karaniwang operasyon ng planta, hindi mga panandaliang epekto mula sa partikular na paglalabas o event.

Bakit CalEnviroScreen? Ang CalEnviroScreen ay ang tool sa pagmamapa ng Tanggapan ng Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan sa Kapaligiran na tumutukoy sa mga komunidad sa California na pinakaapektado ng maraming pinagmumulan ng polusyon, at kung saan ang mga tao ay partikular na lantad sa mga epekto ng polusyon. Isinasaalang-alang ng CalEnviroScreen ang data sa kapaligiran, kalusugan, at sosyoekonomiko para masuri ang pangkalahatang pinagsama-samang epekto.